# KAPASIYAHAN BLG. 2023-44

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 06, S-2022 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG MALAWAK, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2023 NA NAGKAKAHALAGA NG APAT NA DAAN APATNAPU'T LIMANG LIBO, ISANG DAAN PITONG PISO AT PITUMPUNG SENTIMO (PHP445,107.70)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Malawak para sa kanilang *Annual Budget* na laang gugulin para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng PhP445,107.70;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga kabataan ng Malawak at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Malawak ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 06 S-2022 ng Sangguniang Kabataan Malawak, Bustos, Bulacan na nauukol sa taunang laang gugulin o *annual budget* para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng Apat na Daan Apatnapu't Limang Libo, Isang Daan Pitong Piso at Pitumpung Sentimo (PhP445,107.70).

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN
BAKURAN NG BAHAY PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN
044 761 0069 | 11thsbbustos@gmail.com | www.facebook.com/11thSangguniangBayanngBustos/

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-27 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-27 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim